

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang mga outdoor tennis, pickleball court at ang Peel Village Golf Course simula Mayo 19 at 22**

BRAMPTON, ON (Mayo 15, 2020) – Kasunod ng anunsyo ng pamahalaan ng Ontario na ang ilang panlibangang amenity ay muling magbubukas para sa mga outdoor na tennis at pickleball court nito sa Martes, Mayo 19, at Peel Village Golf Course sa Biyernes, Mayo 22. Ang paglayo mula sa iba at mga pamamaraan ng kalinisan ay isasagawa para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng bisita at kawani ng Lungsod.

### **Mga Outdoor na tennis at pickleball court**

Muling bubuksan ng Lungsod ang 21 tennis at pitong pickleball court nito sa Martes, Mayo 19. Ang mga court na ito ay magbubukas mula Lunes hanggang Linggo. Bago mag-11 AM, ang mga court ay pwede lamang gamitin ng matatanda.

Bilang pagsunod sa mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba, walang pahihintulatang higit sa dalawang manlalaro sa court bawat pagkakataon, isa sa bawat panig ng net. Kailangang manatili ang mga manlalaro nang dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa iba sa lahat ng oras. Paaalisin ang mga hindi ginagawa ang paglayo mula sa iba.

Ang sumusunod na mga tuntunin ay gagawin para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng bawat isa:

- Available ang mga court sa first-come, first-served basis, at limitado sa 60 minutong paglalaro kapag may ibang naghihintay
- Huwag ipahiram ang mga raket o ibang kasangkapan
- Malinaw na minarkahan ang mga bola para maiwasan na magkamaling kunin ito ng iba
- Ang mga palikuran sa labas ay hindi pwedeng gamitin sa panahong ito (kung saan umiiral ang mga amenity)
- Walang pinapayagang tagapanood

Para makahanap ng tennis o pickleball court, bisitahin ang [www.brampton.ca/parks](http://www.brampton.ca/parks). Para ireport ang isyu, tawagan ang 311.

### **Peel Village Golf Course**

Muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang Peel Village Golf Course, na matatagpuan sa 29A Hartford Trail, sa Biyernes, May 22. Ang course ay magbubukas araw-araw mula 7 AM hanggang 6 PM, kung pahihintulutan ng kondisyon ng panahon. Ang mga oras ng mga senior ay mula 7 hanggang 11 AM.

Bilang pagsunod sa mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba, ang mga manlalaro ay kailangang mananatiling dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa iba sa lahat ng panahon. Ang mga hindi gagawa ng paglayo mula sa iba ay paaalisin.

Ginagawa ng Lungsod ang dagdag na mga pag-iingat para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng lahat sa golf course, kabilang ang:

- Pagbibigay ng mga istasyon na paghuhugasan ng kamay at hand sanitizer sa buong course
- Pag-instala ng mga decal at karatula ng direksyon para sa mga golfer para matiyak ang ligtas na paggalaw sa paligid ng parking lot at Clubhouse
- Paglilimita sa dalawang manlalaro lamang bawat tee time at isang manlalaro bawat golf cart
- Pagdagdag sa mga interval sa pagitan ng tee off times hanggang 20 minuto
- Pagpapatulad sa pinaigting at mas madalas na paglilinis ng mga amenity, kabilang ang program ng pag-disinfect para sa mga golf cart at mga banyo
  
- Pagtanggap sa mga bunker rake at pagtaas sa mga golf cups para matiyak ang “walang hawakang paglalaro”
- Sinisimulan ang karagdagang mga pamamaraan sa seguridad sa course para maiwasan ang paglabag sa mga pagsisikap ng Lungsod sa paglayo mula sa iba

Sa panahong ito ay golf course ay hindi tatanggap ng mga reserbasyon ng pangkat, pagho-host ng torneyo, o pagbibigay ng mga pang-instruksyong programa.

Hinihiling sa mga residente na paunang i-book ang mga tee time sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.874.2995, at ang pagbabayad ay pwedeng gawin sa site pagdating. Bubuksan ang mga linya ng telepono simula sa Martes, Mayo 19 sa 1 PM. Walang ibibigay na serbisyo sa walk-in. Hinihiling sa mga tagatangkilik na dumating nang hindi mas maaga sa 15 minuto bago ang kanilang iniskedyul na tee time at pumunta diretso reception area sa Clubhouse. May available na binawasang rate habang ginagawa ang mga limitasyon. Ang code ng pananamit ay ipinapatupad sa golf course.

Ang Clubhouse at pro-shop ay mananatiling sarado, at ang hinihilang cart at mga renta sa club ay pansamanatalng susupindihin hanggang sa karagdagang abiso. Ang mga palikuransa labas ay pwedeng magamit ng mga tagatagkilik bago at matapos maglaro. Walang mabibiling pagkain at mga inumin para sa panahong ito, at ang mga tagatangkilik ay welcome na magdala ng kanilang sariling tubig at hindi nakakalasing na inumin.

Ang Peel Village Golf Course ay isang nine-hole public golf course na pag-aari at pinapatakbo ng Lungsod ng Brampton. Ang kumpletong gabay sa magbo-book ng laro, kabilang ang kumpletong detalye tungkol sa mga pamamaraan at konsiderasyon sa COVID-19, ay makikita online sa [www.brampton.ca/peelvillagegolf](http://www.brampton.ca/peelvillagegolf).

### **Hinihingi ng Lungsod ang feedback ng komunidad sa karagdagang mga plano sa muling pagbubukas at pagbangon**

Inumpisahan na ng Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon ang pagpapalahok sa komunidad para matiyak na ang muling pagbubukas ng Lungsod ay nakakatugon sa mga pangangailangan sa serbisyo at kaligtasan ng publiko at staff. Kabilang dito ang serye ng mga konsultasyon kasama ang partikular na mga pangkat ng tagagamit, mga negosyo at mga pangkat ng komunidad. Idinaos ng ng Lungsod ang pagpupulong kasama ang mga pangkat ng sport sa linggong it at kokonsulta sa mga senior sa susunod na linggo. Inimbitahan din ang komunidad ng Brampton na ibahagi ang kanilang feedback sa pamamagitan ng pagsali sa isang [survey](#) o sa pamamagitan ng pagkonekta sa email sa [covid19reopencity@brampton.ca](mailto:covid19reopencity@brampton.ca).

Para sa karagdagang impormasyon sa tugon ng Lungsod sa COVID-19, bisitahin ang [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19).

**Mga Quote**

“Habang pinapagamit na ng Lungsod ng Brampton ang karagdagang mga serbisyo kabilang ang golf course ng ating Lungsod, ginagawa natin ito sa maingat na paraan na inuuna ang kaligtasan ng gumagamit. Bilang isang Nakalulusog at Ligas na Lungsod, nasasabik tayong makita ang mga residente na nagpapanatili ng aktibong uri ng pamumuhay, at ginagawa natin ang kailangang mga hakbang para ligtas na mabuksan ang mga serbisyong ito na inaasahan ng mga residente.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa linggong ito, ang Working Group ng Muling Pagbubukas at Pangbangon ng Lungsod ay narinig direkta mula sa mga pangkat ng sport sa Lungsod at ikinagagalak natin ang pagtugon sa input na iyon gamit ang ligtas na pamamaraan sa muling pagbubukas ng mga korte at golf course ng Lungsod. Magkasama tayo rito at patuloy na susunod sa payo ng Public Health habang sinisimulan nating muli ang mga serbisyo ng Lungsod at muling binubuksan ang ating Lungsod.

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3&4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pangbangon*

“Ang kaligtasan ng mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod ay ang nangungunang prayoridad para sa Lungsod ng Brampton at sa ating staff. Patuloy nating gawin ang kailangang mga hakbang para matiyak na muling binubuksan natin ang mga serbisyo ng Lungsod sa publiko sa responsable at ligtas na paraan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapoligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/Brampton), [Facebook](https://facebook.com/Brampton), at [Instagram](https://instagram.com/Brampton). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)